

Dyandi: Alaala ng Kahapon, Panaad sa Kasalukuyan at Larawan ng Tunggalian


ESTRELLA T. NAVIDAD

Abstrak

Ang artikulong ito ay tungkol sa isang natatanging ritwal o panaad, sayaw at awit ng mga kababaihan na itinatanghal tuwing may kapistahan sa Iligan tulad ng mga pista nina Senyor San Miguel at Nuestra Senyora del Rosario.

Ang sayaw ng mga Diyandi ay isa sa nagsisilbing tradisyon ng mga Iliganon na itinatanghal tuwing kapistahan ni Senyor San Miguel. Ito ay ginaganap sa harap ng simbahan at sa mga bahay-bahay. Lalong dumami ang mga katutubong tagabukid na bumababa sa pista ni Senyor San Miguel upang manood ng isang sayaw kung saan nakikita nila ang kanilang katutubong kasuotan (Higaonon at Maranao) na suot-suot ng mga mananayaw na tagabayan na nagdidiyandi. Tuwang-tuwa silang nanonood ng sayaw at pinakikinggan nila ang mga berso at mga awit na gumagamit ng kanilang katutubong salita. Maliban sa sayaw na Diyandi, may iba pang uri ng sayaw na tinatawag na **Sayaw** – isang uri ng sayaw kung saan ang mga dalagang Iliganon ang siyang sumasayaw. Ang mga mananayaw ng Sayaw ay nakamahabang puting damit at may nakalagay na mga bulaklak sa ulo (korona bulaklak). Ang mga berso at mga awit ay sa wikang Sebuano na pawang patungkol sa kabutihang ipinakikita at ibinibigay sa kanila ni Senyor San Miguel at Senyora del Rosario. Higit na mahaba ang kanilang mga berso at awit kaysa mga Diyandi.

Sa panahon ni Sancha Leonor-Cabillon ang mga batang babae na may anim

 Si ESTRELLA T. NAVIDAD ay kasalukuyang nagtuturo ng Panitikan at Sining ng Komunikasyon sa Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika sa MSU-IIT. Nagtapos ng BSE mejor sa Filipino sa Colegio de San Jose-Recoletos, Cebu. Natapos din niya ang Master of Arts sa Panitikan sa Universidad ng Pilipinas, Diliman, Quezon City.

na taon hanggang labindalawang taon ay sa Diyandi sumasali samantalang ang mga dalaga ay sa Sayaw. Ang mga batang lalaki naman na may siyam na taon hanggang labingwalong taong gulang ay sa dramang **Yawa-yawa** (na sa kasalukuyan ay tinatawag ng Komedyang ni Senyor San Miguel). Ayon pa rin kay Vinancia T. Dualin, unang linggo pa lamang ng buwan ng Setyembre, ang kanilang lugar (na kilala noon sa tawag na Ilaya, na sa kasalukuyan ay may mga pangalan na ng kalye: Rosario (na naging Badelles na ngayon), San Miguel, Araneta, at Gen. Wood ay abalang-abala na sa kani-kanilang pagsasanay ng **Yawa-yawa, Sayaw at Diyandi**. Ang tunog ng **agong** ay hudyat na magsisimula na ang praktis o pagsasanay at halos ang buong Ilaya ay magkanya-kanyang punta sa iba't ibang lugar kung saan gaganapin ang pagsasanay. Halos ang lahat ng mga miyembro ay magkakapitbahay at magkakamaganak lamang. Sa bahay nina Carlos Leonor ginaganap ang pagsasanay sa sayaw na Diyandi. Dahil sa hindi magkasya sa bahay ng tagapamahala ang pagsasanay ng dalawang sayaw, ito ay hinahati sa dalawang pangkat. Ang pangkat ng Sayaw ay sa bahay nina Saturnina Edrozo Zalsos na katapat lamang ng bahay ni Leonor.

Ang pangkat ng drama ay hinati rin sa dalawa – ang pangkat na gaganap ng mga papel demonyo (yawa) at ang pangkat na gaganap na mga anghel. Ang pagsasanay ng pangkat ng mga anghel (pangkat ni San Miguel) ay sa pinakamalaking bahay sa Ilaya na bahay nina Fausto Orellana (isang Tagalog na nakapag-asawa ng isang Iliganon) at ang tagapamahala ay si Diosdado Actub. Ang pangkat Luzbel (Lucifer) na sa simula ay mga anghel ngunit sa katapusan ay naging mga demonyo (yawa), na pinamahalaan ni Leoncio Gaité na gumaganap na Lucifer, ay sa labas ng bahay o sa kalye San Miguel nagsasanay.

Ang pagtatanghal ay sa bisperas ng pista ni Senyor San Miguel. May itinatayong entablado sa harap ng simbahan (malapit sa kinatatayuan ngayon ng paaralang St. Michael's College). Ang pagtatanghal ng drama ay sa gabi, pagkatapos ng huling araw ng nobena. Ang pangkat ng dramang ito ay sumasama sa prusisyon ni Senyor San Miguel. Ang pagtatanghal ng Diyandi at Sayaw ay sa umaga ginaganap. Kalimitan ang mga Diyandi ay namimista sa mga bahay-bahay at binibigyan ng pera (parang namamasko sa mga bahay-bahay).

Ang mga Diyandi noong kapanahunan ni Sancha Leonor (1912), ay may labindalawang miyembro. Anim sa pangkat ng mga Higaonon at anim sa pangkat ng mga Maranao. Ang mga pangkat Maranao ay nakasuot lalaking Maranao at ang pangkat Higaonon ay nakasuot babaing Higaonon. Ang pinakamatanda sa pangkat ay may labindalawa hanggang labinlimang taong gulang na tinatawag nilang **Kapitana**. Ang tungkulin ng Kapitana ay ang pagtulong sa pagtuturo ng sayaw at siya ring nangunguna sa pangkat Higaonon sa pagsasayaw. Ang Kapitana ay nakasuot Higaonon. Siya ay nakasaya hanggang tuhod (saya ha pinanguntingan), may blusang hanggang puson (pinagsoy ha sinulawan), may suklay sa ulo (panika), mga kwintas (salay), pulseras (bucala) sa ulo at mga paa. Ang pangkat ng mga Higaonon ay

pare-pareho ang mga anyo ng kasuotan kahawig ng suot ng kanilang Kapitana. Ang pangkat ng mga nakasuot Maranao ay kahawig ng katutubong kasuotan ng mga Maranao na lalaki. Sila ay nakapantalon nang masikip, at may blusang may mahabang manggas lampas beywang at may nakabandang tela sa kanilang dibdib kung saan nakakabit ang kanilang dalang kalupe. Ang mga kalupe na dala-dala nila ay nilalagyan ng kanilang mga handog para kay Senyor San Miguel. Ang pinakamaliit sa pangkat na tinatawag na **Anac-anac** (karaniwan ay may anim na taong gulang) ay may mga dalang **piyak** (sisiw), **orak** (itlog), **cagcawa** (luya), at **lasona** (bawang). Ang lahat ay may **tubao** (panyo) sa ulo na may iba't ibang disenyo. Bukod sa Anac-anac na may dalang handog, may iba pa sa pangkat na may mga dala ring handog para kay Senyor San Miguel.

Ang unang mananayaw sa bawat pangkat ay siyang tinatawag na **Pangabaga** (kanang kamay). May pangabagang Maranao at pangabagang Higaonon na ang tungkulin ay ang pagpapaalaala sa kung anò ang susunod na hakbang ng mga sayaw at kung anu-ano ang mga dapat gawin. Sila ang mga katulong ng Kapitana sa kaayusan ng kanilang pagsasayaw. Sinusundan ng bawat pangkat ang kilos ng kanilang Pangabaga. Ang buong pangkat ng mananayaw ng Diyandi ay pawang nakayapak lamang.

Ang mga Diyandi na nagsasayaw ngayon sa pista ng Iligan (Pista 1994) ay ang mga pinamumunuan dati ni Ginang Felicidad Actub at Ginang Maria Wright. Sila ay nakasuot Higaonon at Maranao pa rin. Hindi pa rin nagbabago ang mga suot ng mga Diyandi na tulad pa rin noon sa kapanahunan pa nina Ginoong Carlos Leonor at Ginang Sancha Leonor Cabillon at maging sa kapanahunan ni Ginang Tomasa F. Madrazo. Ang mga Diyandi ngayon ay gumagamit pa rin ng mga berso, awit at sayaw ng Higaonon at Maranao. Ang kaibahan lamang ay ang tanda/edad ng mga nagdidiyandi. Karamihan sa mga nagdidiyandi ngayon ay may mga edad na at ang iba sa kanila ay may mga asawa't apo na. Ang Diyandi na sinimulan ni Ginoong Carlos Leonor bilang libangan lamang sa pista ng Iligan ay tuluyan nang naging **halad/handog** at **panaad/panata** ng mga kababaihan sa kanilang mahal na patron. Hindi magiging ganap ang pista ng Iligan kung walang Diyandi na makikitang nagsasayaw sa labas ng simbahan, sumasama sa prusisyon at maging sa mga bahay-bahay. Ito'y isang tradisyon na siyang naging paraan ng mga kababaihang Iliganon para maipaabot/maiparating ang kanilang pagpapasalamat kay Senyor San Miguel.

May mga pagbabagong nagaganap sa mga berso at sa awit. Noon ang mga berso ng Higaonon at Maranao na Diyandi ay itinatanghal sa mga katutubong wika ng Higaonon at Maranao, sa kasalukuyan may mga berso nang ginagamit na nagmumula sa wikang Sebuano. Ang dating awit ng pagpapaalam na pinamagatan nilang "**Manamilit na Kami**" ay napalitan noong 1977 ng "**Ang Iliganon na Buotan**". Ayon kay Ginang Lydia Madrazo Seraspe, ang kasalukuyang Kapitana, ang ipinalit na awit ay sa kagustuhan na rin ng kanyang ninang na si Ginang Felicidad

Actub na naging katulong niya sa pagtuturo ng Diyandi. Ang bilang ng mga mananayaw ay naragdagan din. Kung sino ang gustong sumali na sasang-ayunan naman ng mga tagapamahala ay pwedeng maging miyembro ng Diyandi. May mga hindi na miyembro ng bagong pangkat ngunit sumasama pa rin sa pagsasayaw sa pista sa harap ng simbahan dahil sa kanilang panaad (panata) kay Senyor San Miguel. Sila ay ang mga dating Diyandi na sumasayaw sa panahon pa ni Tomasa Madrazo.

May mga pagbabago na rin sa mga kasuotan ng kasalukuyang Diyandi. Ang mga suot ng mga Higaonong mananayaw ay kahawig pa rin sa mga katutubong damit ng mga Higaonon, ang pagkakaiba lamang ay ang mga ginagamit na mga palamuti sa pang-itaas (blusa). Ang kasalukuyang mga mananayaw ng Diyandi ay higit na may maraming palamuti, tulad ng mga pakintab (sequence) at mga mamahalin at magagandang bato na ginagamit na pahiyas sa kanilang mga suot. Maging ang mga tubao ng mga Maranao ay may maraming pahiyas at pakintab (sequence). Tulad ng nakamihansan na, ang mga Diyandi mismo ang naghahanda ng kani-kanilang mga damit.

Diyandi: Pagtatanghal ng mga Simbolo ng Kolektibong Kabuuan at Hidwaan

Ang **Pagkanaug, Pagsisinulog, Pagdidiyandi at Yawa-yawa** (Komedyang ni Senyor San Miguel) ay ang mga pangunahing gawaing ritwal na siyang naging daan para maipalabas ang malaking paggalang ng mga Iliganon sa kanilang mahal na Patron. Ang mga gawaing ritwal na ito ay nakagisnang na ng mga Iliganon at nagkaugat na sa kanilang buhay. Ito ay isang mahalagang representasyon ng mga katutubong Iliganon. Ang **Diyandi** na ritwal ng mga kababaihan para sa kanilang patron na si Senyor San Miguel ay isa sa paglalahad ng isang istruktura ng mga simbolo na nagtatanghal ng kasaysayan ng mga katutubo na sa kasalukuyan ay isinaisantabi na lamang ng lipunan na hinubog ng isang kasaysayang kolonyal. Nahati ang daigdig ng mga tao sa iisang lipunang kinabibilangan nila – ang mga Kristiyanong **tagabayan/tagaloob** ay umunlad bunga ng pag-unlad ng Iligan na dala ng modernisasyon at industriyalisasyon; at sa kabilang banda ang mga **di-Kristiyanong tagabukid/tagalabas**, ay binalewala at patuloy na namumuhay bilang tagalabas/tagabukid na parang hiwalay sa mga tagaloob.

Ngunit sa panahon ng pagdiriwang ng pista ay nililikha at itinatampok ang pwersa ng pagkakaisa ng isang lipunan/komunidad. Sa pista ay hindi mahalaga kung anong lahi nagmula ang tao, sa halip ang namamayani ay ang damdamin ng pakikipag-isa, pakikipagsaya, pakikisalamuha at ang pakikipag-ugnayan sa kapwa.

Sa pagtatanghal ng ritwal, pinangungunahan ito ng **isang baylan**. Ang ritwal ng mga Diyandi na itinatanghal sa pista ng Iligan ay pinangunguluhan naman ng

isang **Kapitana**. Siya ang pinakapinuno sa mga mananayaw na Diyandi. Sa pangunguna ng Kapitana ang buong pangkat ay isa-isang maghahandog/mag-aalay ng kani-kanilang mga **halad/alay** para kay Senyor San Miguel na siyang pinakasentro ng pagtatanghal. Ang kanilang mga handog ay manok, bawang, luya, itlog, nganga, apog, at iba pa mula sa kanilang pananim at mga alagang hayop. Makikita na ang tanging kaya lamang nilang maihandog ay ang mga produktong nanggagaling sa bukid. Isang kakaibang pag-aalay ito dahil sa ang kanilang hinahandugan ay hindi ang kanilang diwata/anito kundi si Senyor San Miguel, ang patron ng mga Kristiyano. Ang pagtatanghal ay ginaganap sa harap ng Simbahang Katoliko. Ang bawat indak ng mga paa at imbay ng mga kamay ay may mga pahiwatig/kahulugan. Ang mga ito ay isang ekspresyon ng pakikipag-ugnayan/pakikipag-usap nila kay Senyor San Miguel.

Sa pamamagitan ng ritwal ng Diyandi ay naipahahayag nila ang kanilang sariling mga pananaw sa mga pakikibaka na kanilang isinagawa, ang mga mapapait na karanasan at pagpapakasakit dahil sa uri ng pamumuhay na kanilang kinabibilangan at kung paano nila ito hinaharap. May bahagi ng sayaw na tinatawag nilang “Gabas-gabas” Laga-lagare na nagpapakita ng pwersang nagsasaad ng paghihiwalay ngunit hindi nagtatagumpay dahil sa makikitang sila’y nagkakatip-kamay na ipinakikita naman sa isang bahagi ng sayaw na tinawag na “Kinadena”. Sa bahaging ito, sila’y magkahawak-kamay at salisihang sumasayaw na nagtatagpo sa gitna. Ang mga kilos nilang ito ay isang pagpapahiwatig ng isang tanikala na siyang nagbibigkis sa kanila upang sila’y magkaisa at sama-samang humaharap sa iba’t ibang balakid na maaaring dumating. Ang pagkampay-kampay ng panyo ng mga mananayaw at paghahabulan sa gitna ng kanilang pagsasayaw ay ipinahihiwatig na anumang suliranin na kanilang kahaharapin ay buong giting na kakayanin.

- Ipinahihiwatig na nasa pagkakaisa ang lakas na siyang magdadala sa kanila ng paglaya mula sa pagkaalipin/pagsakop. Kalimitan sila’y itinuturing na nalililigaw ng landas at ang kanilang mga ginagawa ay sagabal sa pag-unlad ng lipunan. Sapagkat sila’y may sariling panukat at pamamaraang ginagamit, ang tunggalian ng dalawang paniniwala ay nagbunga ng pagkabuo ng dalawang magkatunggaling puwersa ng lipunan. Ang isa’y ang nasa loob/tagaloob – moderno/makabago, maunlad at makapangyarihan. Ang isa nama’y nasa labas/tagalabas/tagabukid – makaluma, mangmang, biktima ng karukhaan at tumutol na magpasakop sa kapangyarihan dala ng mga dayuhan/dumagat.

Ang mga Maranao sa Lanao ay kilala sa katangiang di madaling mapasuko. Hindi sila kailanman napasuko o nasakop ng mga Kastila. Ang pagdating ng mga Kastila sa Lanao ang siya pang naging dahilan upang magkaisa ang mga Muslim laban sa mga mananakop.

Ang bahagi ng sayaw (ritwal) na nilikha ng mga Kristiyano na tinawag na “Panyo-Panyo” na pagtatagpu-tagpo ng mga mananayaw sa gitna at pagpapalitan

ng mga panyo ay simbolo ng pagtanggap at pakikipagkaibigan. Maliban sa pagtatanghal ng pag-aalay o paghahandog ng mga katutubong di-Kristiyano sa patron ng mga Kristiyano, naihayag din ang pagtanggap nila sa mga nagsisipagdayuhan sa Iligan sa pamamagitan ng mga awit at sayaw ng Diyandi.

Bagaman ang iba sa mga nagsisayaw ay mga may-asawa na, ang mga awit ng mga kadalagahan ay siya pa rin nilang inaawit: "Ang Dayang sa Maranao"; "Ang Dalaga Day Bukid" at "Ang Iliganon nga Buotan". Ang tatlong awit ay nasa tatlong magkaibang wika: Higaonon (Binukid), Maranao (Muslim) at Sebuano. Ang tatlong pinagsanib na kultura ng mga kadalagahang Higaonon, Maranao at Kristiyano ang siyang kabuuan ng mga dalagang namumuhay sa iisang lipunan. Habang sila ay umaawit, umiindak sila sa kumpas ng Kristiyanong sayaw na tinawag na "Karinyosa".

Ang sayaw ng Diyandi ay siyang naging daluyan ng tatlong kultura ng etnikong pangkat sa Mindanao: Higaonon, Maranao at Dumagat (ang mga Kristiyanong nandadayuhan sa Iligan). Ang pagsayaw ng Anac-anac na Diyandi sa hulihan ay sinasabayan ng palakpak ng mga matatanda. Ito ay ang larawan ng kasiyahan, ng pangarap at pag-asa ng mga Iliganon na nakasalalay sa mga kabataan na siyang magsisilbing lakas ng mga matatanda sa kinabukasan.

Ang mga Iliganon na nasa bayan na bunga ng pagtatagpo ng dalawang kultura ay siyang nasa pagitan ng dalawang ugnayang ito. Ang mga Kristiyano/tagabayan ay buong-pusong naniniwala na ang kanilang mahal na patron na si Senyor San Miguel ang siyang instrumento kung bakit nila nakakamit ang kanilang mga hinihiling at dinasal-dasal: paggaling ng mga maysakit, pagkakaroon ng magandang pamumuhay, paglayo sa mga panganib at sa mga sakuna at iba pang pangangailangan sa pang-araw-araw nilang pamumuhay. Ang pananalig ng mga Kristiyanong katutubo (Iliganon) ay nagpapahiwatig at nagpapakita ng kanilang malaking pagmamahal at pananalig sa kanilang Patron hindi lamang sa pamamagitan ng pagsasayaw ng Diyandi kundi sa pag-awit ng mga papuring gosos na inaawit sa loob ng simbahan. Dalawang ritwal ang itinatanghal tuwing pista ng Iligan: ritwal ng katutubo at ang ritwal na pansimbahang Katoliko. Ang pagtatanghal na ito'y pagtatampok ng pagkakaisa ng mga tao sa isang lipunan sa ngalan ni Senyor San Miguel. Malinaw na ipinakikita ito sa Diyandi--ang pag-aalay. Ang mga nagsasayaw ng Diyandi ay ang mga Kristiyanong kababaihan na nagpapanata kay Senyor San Miguel upang makamit ang kanilang mga dinasal-dasal at mga hinihiling.

Mga Gosos na Inaawit sa Loob ng Simbahan

Makikita sa mga gosos ng nobena ni Senyor San Miguel ang pananawagan at pagsusumamo ng mga nananampalataya sa kanya.

Goso: Ang mga sakit tambalan,

Tabangan mo ug alimahan.
 Imo silang paglipayon,
 Ug sa ilang pagkaayo,
 Dili mo sila pagbulagan

Salin: Ang mga maysakit ay gamutin,
 Tulungan mo sila at alagaan.
 Iyo silang paligayahin.
 At sa kanilang paggaling,
 Huwag mo silang hiwalayan.

Goso: Sa Dios nga gipili ka,
 Na patron namong palaran.
 Kay ikaw ang among alampoan,
 Sa tawong binunyagan
 Sa among kalisdanan,
 Kami imong pagtabangan.

Salin: Sa Diyos na pinili ka,
 Na Patron naming mapalad.
 Kayo ang aming dadasalan,
 Ng mga taong binyagan.
 Sa aming kahirapan,
 Kami'y iyong tulungan.

Mula sa mga gosos ipinakikita na si Senyor San Miguel ay hindi lamang isang mandirigma at tagapagtanggol ng mga Kristiyano sa anumang uri ng panganib kundi siya ay may iba pang papel na ginagampanan sa buhay ng mga Iliganon. Siya ang tinatawagan kung may nagkakasakit at tinatawagan din ng mga magsasaka kung may salot na dumarating sa kanilang mga pananim at mga hayupan. Naging bukambibig/ekspresyon ng mga Iliganon ang "Senyor San Miguel! "(Senyor San Miguel) o dili kaya'y "Senyor San Miguel, tabangi ako !" "(Senyor San Miguel, tulungan mo po ako !"). Para sa mga Iliganon si Senyor San Miguel ay isang **tagapagtanggol** laban sa **sakit ng kaluluwa at sakit ng katawan** at tagapamagitan rin upang magtulungan ang bawat isa.

Siya ang sugo ng Panginoon, isa siyang mandirigma, tagapag-alaga at tagapagtanggol ng mga Iliganon. Sa paningin ng isang Kristiyanong Iliganon, si Senyor San Miguel bilang isang **guerero** na padala ng langit ay hindi matatalo sa anumang larangan ng pakikipaglaban. Sa panahong nanghihina ang kalooban ng isang Iliganon ay inaawit lamang niya ang mga gosos ni Senyor San Miguel, at siya'y lumalakas

na.

Inaawit ang mga gosos ni Senyor San Miguel sa pagbaba ng kanyang imahen. Sa **Pagkanaug/Pagbaba** ng imahen ni Senyor San Miguel, naging tradisyon/ritwal na, na ang kanyang **helmet** ay dapat na ang Mayor ng Iligan ang tatanggap bilang simbolo ng **pangunguna**. Ang mayor din ng Lungsod ang siyang magbabalik nito sa ulo ng imahen kung ito ay nakapwesto na sa altar na lalagyan. Ang espada at kalasag ni Senyor San Miguel ay sa Hepe ng Pulisya ipinaaabot bilang simbolo ng **katapangan**.

Sa pistang ito ay isinuot ni Dr. Alejo Yañez 1994 (Mayor ng Iligan) ang helmet ni Senyor San Miguel. Ang ipinakitang kilos ni Mayor Yañez ay isa lamang pagpapatunay na hanggang ngayon ay nakaugat pa rin sa puso ng mga Iliganon ang tapat na pananampalataya kay Senyor San Miguel. Ang pagsusuot ng mayor sa helmet ni Senyor San Miguel ay isang kilos na nagpapakita na siya ay umaasa na mabasbasan ni Senyor San Miguel at makakukuha ng lakas at tapang mula sa mayari ng helmet. Maaaring para kay Mayor A. Yañez ay hindi sapat ang pagtanggap/paghawak lamang sa helmet ni Senyor San Miguel (tulad ng nakaugaliang ginagawa ng mga nakaraang mayor) kaya't kanya pa itong isinuot.

Ang pagtanggap ng **kalasag at espada** ni Senyor San Miguel na simbolo ng **katapangan** ay hindi nagampanan ng Hepe ng Pulisya. Sa halip ang gawaing ito ay ginampanan nina Mayor Alejo Yañez at Kongresman Mariano Ll. Badelles na kapwa mga Katoliko Romano. Ayon sa mga nakasaksi sa **Pagkanaug/Pagbaba** ni Senyor San Miguel maaaring hindi dumating ang kasalukuyang Hepe ng Pulisya na si Kolonel Jumanier Jubail dahil sa siya ay isang Tausog/Muslim. Ang pangyayari, ayon sa mga Iliganon ay isa lamang pagpapatunay na kahit na sa kasalukuyang panahon, ay di pa rin magawang pumasok ng mga di-Kristiyano/Muslim sa **loob ng simbahan** ng mga Kristiyano. Maging sa kasalukuyang panahon kahit na sa pagbabago ng kapaligirang dala ng modernisasyon ay patuloy pa rin ang mga Muslim sa kanilang pananampalatayang **Islam**.

Itinatanghal ng Diyandi ang nakaraan ng mga katutubong Iliganon. Bagama't nakikitang sama-samang nagsasayaw ang mga nakasuot Kristiyano, Maranao at di-Kristiyano sa sayaw ng Diyandi, ang mga ito ay hindi isinasayaw sa **loob ng simbahan** ng mga Kristiyano kundi makikita lamang silang nagsasayaw sa **labas ng simbahan**. Simbolikal ang pagsayaw sa labas ng simbahan. Nangangahulugan lamang ito ng pakikipagkaisa at di-pagyakap sa Kristiyanismo.

Sa pag-awit ng mga Diyandi sa labas at sa loob ng simbahan magkaibang berso at gosos ang kanilang binibigkas. Dalawang daigdig ng Diyandi ang makikita: daigdig ng Kristiyano na umaawit ng mga papuri kay Senyor San Miguel sa loob ng simbhang Katoliko at ang daigdig ng mga Maranao at Higaonon/di-Kristiyano na sumasayaw at umaawit sa labas ng simbahan. Sa paningin ng mga nanonood ng ritwal ay namamayani ang pananampalatayang Kristiyano dahil bumababa ang mga nagpabukid (Maranao at di- mga Kristiyano/Higaonon) upang mamista at

magparangal sa patron ng mga Kristiyano na si Senyor San Miguel. Ngunit para naman sa mga Higaonon at maging sa paningin ng mga Maranao ang ipinakikitang sayaw ng mga diyandi ay isa lamang palatandaan na sila'y nakikisalamuha sa mga Kristiyano bilang kamag-anak at tanda ng pakikipagkaibigan/pakikipagkaisa sa mga tagabayan.

Mula sa koro ng gosos na binibigkas sa pagnonobena kay Senyor San Miguel, ipinabatid na ang patron ng Iligan ay sugo ng Panginoon. Siya ang magbabantay at magdadala sa mga Kristiyano sa langit.

Koro: Sa pag-adto ug sa pagdangat,
 Sa langit sa katam- isan,
 Si San Miguel maoy guia,
 Magtutudlo ug mag-uuna.

Salin: Sa pagparoon at pagdating,
 Sa langit na katamis-tamisan,
 Si San Miguel ang patnubay,
 Magtuturo at nangunguna.

Tulad ng sinasabi sa gosos na , “Sa **pag-adto** ug pagdangat, sa **langit na katam-isán**, si San Miguel maoy guia, magtutudlo ug **mag-uuna**”. (Sa **pagparoon** at pagdating, sa **langit na katamis-tamisan**, si San Miguel ang patnubay, magtuturo at **nangunguna**.) Ang mga taong binunyagan/binyagan ay kay Senyor San Miguel nanawagan at sa panahon ng kanilang kagipitan sila'y tinutulungan ng kanilang mahal na Patron. Ang **langit na punong-puno ng tamis**, ligaya, **walang kalungkutan** ay siyang dinasal-dasal ng mga binunyagan/binyagan na gusto nilang mapuntahan.

Mula sa mga saknong sa itaas ay makikita na ang mga gosos na inaawit sa **loob ng simbahan** o sa panahon ng nobena ni Senyor San Miguel ay higit na kakaiba sa mga inaawit ng mga Diyandi sa panahon na sila ay nagriritwal **sa labas/sa harap** ng simbahan sa kapistahan ni Senyor San Miguel. Ang mga nasa **loob ng simbahan** ay mga **binunyagan/binyagan** at may pananalig kay Senyor San Miguel na sila'y dadalhin sa **langit na katam-isán (Katamis-tamisan)**. Ang mga biyayang inaasahang makakamit ng isang Iliganon ay makakamtan lamang kung siya'y mananalangin, mananawagan, magmamakaawa kay Senyor San Miguel. Ipinaaabot niya ang kanyang pakiusap sa pamamagitan ng **pagriritwal/pagdidiyandi** sa kapistahan, isang kakaibang panawagan na ang ginagamit na paraan ng panalangin ay sa pamamagitan ng sayaw, awit at berso ng mga katutubong hindi Kristiyano. Sa paraang ito ay masasabing bagama't yakap-yakap na ang pananampalayatang Kristiyanismo, hindi pa rin naihihiwalay ang mga dati nang nagisnang kaugalian – kung saan ang dalawang kulturang nagsanib ay nagreresulta ng kakaibang kultura.

Ipinakikita sa Diyandi ang pagsasanib ng tatlong kultura – Kristiyano, di-kristiyano (Pagano) at Muslim. Hindi makuhang ihiwalay ang Noon sa Ngayon sa kabila ng modernisasyon. Subali't kakatwang hindi ito nauunawaan ng nakararami sapagkat modernisasyon din ang nagtulak sa pagkahati ng isang lipunan. Ang napasakop na **tagaloob** ay nanagumpay at nanagana. Sila ang may mataas nang pinag-aralan, ang mga namamahala sa pamahalaan; samantala, ang di-napasakop na **tagalabas** ay naalisan ng karapatan sa kanyang lipunan dahil sa pananaig ng kasaysayang kolonyal. Sila ngayon ang minoridad na minamaliit at binabalewala.

Mga Berso at Awit sa Labas ng Simbahan

Ang mga berso ng Diyanding Maranao ay tulad din sa mga berso ng mga Diyanding Higaonon na may apat na taludtod sa bawat saknong. Ang bawat taludtod ay may iba't ibang sukat ng pantig may sumusobra o may nababawas. Maaaring ang mga berso ay hindi naisulat kaya't sa katagalan na ng panahon na pasalin-salin lamang sa mga bibig ng mananayaw ay nagkaroon ng mga karagdagan o napapalitan ang mga salita kaya nawawalan ng sukat at tugma ang ilan sa mga berso.

Diyandi: Senyor San Miguel mala bantugan,
 Sa tao pakinogan.
 Saya co caruca ibutad
 So mapia tanto alalag.

Salin: Senyor San Miguel na bantugan
 Sa tao pakinggan.
 Dito ko ipakikita
 Ang magandang kaugalian.

Ang mga awit ng Diyandi ay higit na maayos kaysa mga berso. Dito makikitang may tig-aapat na taludtud ang bawat saknong. May pagtatangkang gawing pito ang pantig ng bawat saknong ngunit may mga taludtod na may kulang o dili kaya'y sobra naman. Walang tekstong nakasulat tungkol sa mga awit at berso ng mga Diyandi, kaya maaaring dahil sa pasalin-salin lamang sa bibig ng mga mananayaw ay nagbunga ng pagkakamali.

Higaonon: Ang dalaga day bukid
 Taini magailig
 Alanday mga pobre
 Caloy-e cay ignorante

- Salin: Ang dalaga sa bukid
Narito at bumaba
Ang lahat na mga pobre
Kaawaan dahil ignorante.
- Higaonon: Egaonon galig caliwat
Magtongbong day sa dagat.
Nagbaya-baya nagsimba
Cang San Miguel na fiesta.
- Salin: Higaonon ang lahi
Bumababa rito sa dagat.
Sama-samang nagsimba
Kay San Miguel na pista.

Buhay na makikita sa mga berso at awit ng Diyandi lalo na sa mga Higaonon ang nagiging “kalagayan” ng mga tagabukid/tagalabas – hidwaan sa kabila ng kabuuan na nalilikha ng Diyandi. Makikita sa kanilang mga berso at awit ang buong pagpapakumbaba nilang paghingi ng paumanhin sa mga tagabayan dahil sila ay mga **ignorante at pobre**. Isang kaisipan na itinanim sa panahon pa ng mga Kastila sa mga tagabukid/tagalabas na sila’y mga mangmang/ignorante at walang pinag-aralan. Ang kaisipang ito ay dala-dala pa ng mga tagabukid/katutubo sa pagbaba nila sa bukid. Nagiging **pobre**/mahirap ang mga tagabukid/katutubo sa mga mata ng nandayuhan dahil ang ginawa nilang sukatan ay ang pamaraan ng pamumuhay na kakaiba sa kanila. Hanggang sa kasalukuyan ay makikita pa rin sa Lungsod ng Iligan ang tatak ng pagkawatak-watak ng mga mamamayan na siyang pamanang iniwan ng mga Kastila sa buong Kapuluan lalo na sa Mindanao. Isa sa mga paraan ng mga mananakop upang lalong mapangibabaw ang kanilang mga sinasakop ay ang pangangaral sa kanilang mga nasasakupan na hindi pantay ang pag-unlad ng lahi. Itinuro nila na higit na dakila ang kanilang bansa at lahi kaysa bansang kanilang sinasakop. Ang mga kaisipang ito ay tumagos sa puso ng mga katutubo. Lumikha ito ng isang lahi na kimi/mahiyain (lalo na sa mga Bukidnon-Higaonon). Pinatindi ng mga mananakop (Kastila) ang kanilang dominasyon sa paghahati-hati ng katayuan ng tao: may panginoon at may alipin, may mahirap at may mayaman.

Ang mga awit at berso ng mga Diyandi na inaawit sa labas ng simbahan at sa pamimista nila sa mga bahay-bahay ay may malaking kaibahan sa mga gosos ni Senyor San Miguel na inaawit sa loob ng simbahan at sa prusisyon. Makikita rito na kahit na sa pag-aalay ng mga awit at berso ng mga katutubo (Diyanding Higaonon at Maranao) ay hindi sa loob ng simbahan ginaganap kundi sa labas lamang ng simbahan. Isang palatandaan na ang mga katutubong galing sa bukid dahil sa mga

ignorante at pobre ay hindi karapat-dapat sa loob ng simbahan at sila'y nahihiyang pumasok sa tahanan ng Panginoon/patron ng mga Iliganon. Samantalang ang mga gosos na inaawit sa nobena ni Senyor San Miguel ay may pagkarelihiyoso, mga papuri at pagpapasalamat sa patron sa mga biyayang naipagkaloob sa kanila. May dalawang papuri na ang inuukulan/hinahandugan ay iisa lamang, si Senyor San Miguel. Ang mga tagabukid/di-Kristiyanong naghahandog/nag-aalay ay makikita sa **labas ng simbahan** samantalang ang mga **tagabayan/Kristiyano** ay naghahandog sa **loob ng simbahan**. Makikita pa rin sa Lungsod ng Iligan mula pa sa panahon ng mga Kastila hanggang sa kasalukuyan na ang mga namamayani ay ang mga **dayuhan** na tinatawag ng mga katutubong Iliganon noon na mga **dumagat**.

Tuluyang umunlad ang Lungsod ng Iligan dahil sa pagpasok ng modernisasyon at industriyalisasyon. Ngunit hindi napakinabangan ang kaunlarang ito ng mga katutubo sa dahilang karamihan sa kanila ay walang kakayahang makapagtrabaho sa mga industriyang umusbong sa buong Kapuluan ng Mindanao. Sila ay simpleng namumuhay lamang sa pamamagitan ng pagsasaka at pangingsda. Ang kabihasan/karunungan na dala ng mga **dumagat(dayuhan)** ay walang pagkakaiba sa dala ng mga Kastila noong unang panahon. Ang mga tagabukid (mangmang/walang pinag-aralan) pa rin ang tagalabas (mahihirap) at ang mga tagabayan (matatalino, may pinag-aaralan) ay siyang tagaloob (mayayaman).

Isa ring paraan ng pananakop ang nararamdaman ng mga katutubo sa pagpasok ng mga industriya sa Lungsod ng Iligan. Ang dating mga bukirin na siyang kinukunan nila ng ikabubuhay ay sinakop ng mga **dumagat/dayuhan** at ginawang pagawaan at naglalakihang planta at pabrika. Ang mga ilog na pinagkukunan nila ng isda ay tuluyan nang naglaho dahil sa ito'y kinontrol/sinakop at ginawang enerhiya upang mapatakbong ang malahiganteng makinarya. Isang makabagong pananakop ang nararamdaman ng mga katutubong Higaonon at Maranao sa makabagong panahon.

Ang mga paksa ng mga awit at berso ng mga Diyandi ay hindi pa rin nagbabago. Ito ay may mga payak ring kahulugan. Tumutukoy kung bakit sila bumababa sa kapatagan, kung saan sila nagmula at kung anu-ano ang kanilang mga dalang handog sa patron ng mga Kristiyano. Tuwang-tuwa silang bumababa sa kapatagan upang makasalamuha na naman nila ang kanilang mga Kristiyanong kamag-anak na naninirahan malapit sa dagat at higit sa lahat ay upang masaksihan ang kasiyahang gaganapin sa pista ng Iligan. Makikita mula sa mga berso at awit ng mga mananayaw na Diyanding Higaonon at Maranao na ang Iligan ay siyang ginawang tagpuan ng mga Bukidnon at Maranao. Ang mga Bukidnon (Higaonon) mula sa Rogongon at ang mga Maranao mula sa Lanao del Sur at Norte ay nagtatagpo lamang noon kung pista ng Iligan. Ngunit sa kasalukuyang panahon ay makikita ang pagtatagpong ito hindi lamang sa panahon ng pista ng Iligan kundi araw-araw tulad ng araw ng pamamalengke, pamamasyal o pagpapalipas ng oras sa mga paliguan at kainan, atbp.

Ang mga berso lamang ng mga Diyanding Maranao ang kakikitaan na sa pagbaba nila sa kapatagan ay may dala silang mga paninda o dili kaya ay handog para kay Senyor San Miguel. Isang kagawiang Maranao na hanggang ngayon ay makikita pa, ang kahusayan nila sa pangangalakal/negosyo. at pagkamahilig sa pagbibigay ng regalo. Ang ugaling ito ay hindi makikita sa mga Higaonon. Ang tanging layunin ng mga Higaonon sa kanilang pagbaba ay ang pakikisaya at pamimista at tuloy madalaw ang kanilang mga kamag-anak. Ang mga Higaonon ay mahilig sa kasayahan kaya hanggang ngayon ay makikita pa rin silang bumababa mula sa bukid kahit na mahirap ang pagbaba dahil bihira lamang ang sasakyang pampasahero na umaakyat sa bundok. Hindi pa rin sila pumapalya sa pamimista. Kung sila'y namimista ay pangkatan kaya ang bahay na kanilang pupuntahan ay dapat na may malaking handa upang mapakain silang lahat.

Ang mga berso ng Diyanding Maranao ay nagsasaad ng mga dahilan kung bakit sila bumababa sa kapatagan. Sinasamantala nila ang pagkakataon ng kanilang pagbaba sa Iligan hindi lamang upang maninda kundi upang dumalaw sa kanilang mga kamag-anak. Ang pagiging magkamag-anak ng Maranao at ng mga taal na Iliganon ay makikita sa pinanghahawakan na ***salsila**. Hanggang sa kasalukuyan ang mga matatandang Maranao at taal na Iliganon ay naniniwalang sila ay magkakamag-anak. Tulad halimbawa ng isang salsila na nakuha sa dating Kongresman ng Iligan na isang taal na Iliganon, si **Atty. Mariano Ll. Badelles**. Ang salsilang ito ay nasa pag-iingat ni **Sultan Pundamdag Sango** na taga-Balo-i. Ayon sa salsila, ang angkan ng mga Badelles ay nagmula sa Balo-i, ang kanilang mga ninuno ay nagmula kina **Amerogong Topaan** na anak ni **Pasandalan sa Bumbaran** na nakapag-asawa kay **Toron Bulawan** na taga-Balo-i. Mula rito ay nagkaroon ng mahabang listahan ng mga pangalan ng magkakamag-anak hanggang sa lumabas ang pangalan nina **Diabo at Mira** na may mga anak na sina **Sabino, Tampan, Elino at Rovero**. Sila ay sa Iligan nanirahan at ang mga ito ang siyang pinag-ugatan ng pamilya ng mga **Badelles**. Ang mga taal na Iliganon gaya ng mga angkan ng mga Zalsos, Leonor, Cabili, Lluisma at Actub at iba pa ay may mga pinanghahawakan ding salsila na nagsasaad kung sinu-sino ang kanilang mga ninuno.

Makikita rin sa mga berso na ang mga Maranao ay talagang mahilig sa negosyo o pakikipagbarter. Ang pagbaba nila sa kapatagan ay hindi lamang upang dumalo sa pista ng mga Kristiyano kundi upang makipagkalakalan din. Dala-dala nila ang mga produkto sa mga lugar na kanilang pinagmumulan. Ito ay kanilang ipinagbibili o dili kaya'y ipinagpapalit sa mga pangunahing pangangailangan nila sa bukid tulad ng asin o bagoong.

Ang mga bumababa sa kapatagan upang mamimista ay hindi lamang mga dalaga, binata at matatanda kundi pati na ang mga bata ay dala-dala nila. Kahit na ang pinakamaliit na bata ay may dalang paninda o dili kaya'y handog para sa kanilang mga kaibigan at mga katutubong Iliganon na kinikilala nila bilang kamag-anak. Ang

buong pangkat ng mananayaw na Diyandi ay pawang malalaki na maliban lamang sa Anac-anac na buong katuwaang pinasasayaw nila sa gitna at pinapalakpakan. Ipinakikita rito kung gaano kamahal at kahalaga para sa kanila ang mga maliliit na bata. Kung nagkataon na may hinihingi sa inyo ang isang Maranao at ayaw mong ibigay, sabihin mo lamang sa kanya na ang bagay na iyon ay pag-aari ng iyong anak o sa isang bata at tiyak na hindi na niya ito hihingin sa iyo.

Maliit man na batang Maranao ay nakakikilala kay Senyor San Miguel. Ang kabantugan ni Senyor San Miguel ay nakakarating sa iba't ibang pook sa Morolandia. Para sa kanila si Senyor San Miguel ay siyang pangulo ng mga Kristiyano. Humahanga sila sa katapangan ni Senyor San Miguel na kasintapang ng kanilang ipinagmamalaking si Prinsipe Bantugan. Kilala nila si Senyor San Miguel dahil sa ito ay nabanggit sa **Kuran**.

“Whosoever is an enemy to Allah, or to his angels, or his apostles, or to Gabriel or to Michael, verily Allah is an enemy to the unbelievers”.

Makikita na ang mga nagsasayaw ng Diyandi ay pawang mga babae lamang bagama't may mga nakasuot lalaki. Maaaninag dito ang kulturang Maranao, ang labis na pagpoprotekta sa mga kababaihan. Ayaw ilantad ng mga Maranao ang kanilang mga kababaihan sa maraming tao lalo na sa mga mata ng mga kalalakihan. Iniingatan ng mga Maranao ang mga babae hindi lamang dahil sa matatanggap na **bugay o dowry** kung mag-aasawa kundi dahil may malaking paggalang at pagpapahalaga sila rito. Kung ang isang pamilya ay may anak na babae at nagdadalaga na, ito ay karaniwang ipinagagawa ng isang maliit na silid sa itaas ng bahay na halos nasa bubungan na. Ang mga babaing Maranao ay di-pinahihintulutang matabihan ng lalaki lalo pa't kung ang lalaki ay isang Kristiyano.

Mula sa kanilang mga awit ay malalaman na ang mga Maranao ay mahilig sa mga matitingkad na kulay, tulad ng kulay dilaw, pula at berde. Mahilig din sila sa magagandang kasuotan. Kung ang mga Maranao ay bumababa sa Iligan upang mamista, sila ay nakasuot pangmaharlika. Sa kanilang pagbaba ay makikita na suot pa rin nila ang kanilang mga katutubong kasuotan, tulad ng **malong, tubao, at kumbong**. Hanggang sa kasalukuyan sila ay sumasama pa rin sa mga pagdiriwang ng kapistahan ni Senyor San Miguel.

Mula sa mga awit ay malalaman na ang mga sumasayaw na Diyandi ay mga babae. Kahit na nakasuot lalake ang mga Diyanding Maranao, makikitang mga babae sila dahil sa kanilang awit na, “Sa Dayang sa Maranao” na nangangahulugang “Ang dalagang Maranao”. Ang mga Diyanding Maranao ay pawang babae na may mga dalang kalupe kung saan nila inilalagay ang kanilang mga gamit para **pangnganga**. Makikita rito ang ugaling Maranao na may hilig **maggmama o nganga**.

Isa sa mga Diyandi ay may mga dalang: gulat (nganga), tilad (apog) para magamit sa pangnganga. Kung ang mga matatandang Iliganon noon ay nagsasama-sama upang maghunting, ngumunguya pa rin ng ngangang inihanda nila para sa okasyong kadalagahan at kabinataan ay hindi ngumunguya ng nganga.

Mula sa sumusunod na saknong ay makikita na kinikilala ng mga Higaonon at Maranao na iisa lamang ang kanilang pinagmulan. Bagama't ang mga Maranao ay naging **Muslim** at ang mga Higaonon ay nanatiling di- Kristiyano ay alam nilang nagmumula sila sa iisang pook lamang at sumasamba sa iisang Diyos lamang.

Diyandi: Onot tano langon
 Dayang co egaonon
 Isabo sa ala tala
 Casambayang si-I imanto.

Aba, aba mga datu
 Pagare langon tano
 A di mo calipata
 So mala fiesta aragat
 Langon tano mag-ipat.

Salin: Sama tayong lahat
 Dalagang Egaonon
 Iisa ang Panginoon
 Sinamba natin ngayon.
 Aba, aba mga datu
 Magkamag-anak tayong lahat
 Huwag ninyong kalimutan
 Malaking fiesta sa dagat
 Tayo ay pupuntang lahat.

Isinasaad sa awit na **Ang Dayang sa Maranao at Ang Dalaga Day Bukid** na ang karaniwang bumababa sa kapatagan na Higaonon o Maranao ay mga kadalagahan. Magkakahawig ang pag-uugali nila, bagaman ang mga Maranao ay naging Islam kaya hindi kumakain ng baboy at sumasamba kay Allah samantalang ang mga Higaonon di-kristiyano ay kumakain ng baboy at sumasamba sa mga diwata/anito. Kapwa nila tinatanggap na sila'y magkamag-anak at iisa lamang ang kanilang pinagmulan. Pareho silang dumadalaw sa kanilang mga kamag-anak na nasa kapatagan na siyang nagdiriwang ng malaking pista.

Ang mga salitang ginamit sa awit ng mga Diyanding Higaonon ay punung-

puno ng pagpapakumbaba dahil sa sila'y mga **pobre at ignorante** na hindi makikita sa mga berso ni sa awit ng mga Diyanding Maranao. Totoong mahiyain ang mga Higaonon kaysa sa mga Maranao dahil sa kanilang abang kalagayan. Higit na nakaaangat ang pamumuhay ng mga Maranao kaysa Higaonon dahil ang mga ito ay may kakayahang makipagkalakalan. Mga matatalinong mangangalakal ang mga Maranao na namana pa nila sa kanilang mga nuno. Sila na ngayon ang nagiging kalaban ng mga Intsik sa larangan ng negosyo. Kahit saang sulok sa Mindanao, Bisayas at maging sa Luzon ay may isa nang Maranao na nangangalakal.

Sa katagang sabi, napapaloob sa kabuuan ng pagtatanghal ng Diyandi sa mga sayaw, awit, at berso nito ang pagtutunggalian ng mga di-Kristiyano at Kristiyano. Sa pangyayaring ito'y namamayani ang Kristiyanismo at inaakit, ginagamit, inaangkin ang mga di-Kristiyano katulad ng mga Maranao at Higaonon bilang mga sakop ni Senyor San Miguel. Ngunit sabayang naitatanghal din ang panggigiit ng identidad ng mga Maranao at Higaonon: ang mga posibilidad para sa pagsalungat sa namamayaning Kristiyano. Mula sa kontradiksyon ng ito – sa kabuuan at hidwaan – ay maaaring matukoy at maitampok ang mga posibilidad para sa pagbabago o hinaharap ng Iligan. Maaaring itampok, halimbawa, ng pagtatanghal ng Diyandi ang panggigiit ng mga Maranao, Higaonon, ng mga taga-bukid, ng mga taga-labas ng Simbahang Katoliko ng kanilang sariling identidad.

**Salsila isang kasulatan na nagsasaad kung paano naging magkakamag-anak ang isang angkan. Ang mga pangalan ng bagong kasal ay nakasulat sa salsila at ang kanilang nagiging mga anak. Walang taong nakasulat kung kailan naganap ang kasal at kung kailan isinilang ang kanilang mga anak. Ang nakasulat ay ang lugar na pinagmulan ng lalaki at ng babae. Ang may hawak ng salsila ay ang pinakalider ng pangkat.*

Bibliyograpi

- Aguilar, Rosario Z. May 85 taon gulang, isang retiradong guro at nainterbyu noong Oktubre 5, 1994.
- Brills, E. J. **First Encyclopedia of Islam 1913-136** eds. M. Houston, et al. (Printed: Netherlands).
- Dualin, Venancia T. May 80 taong gulang, nainterbyu noong Mayo, 1992 at Oktubre 3, 1994. Naging mananayaw ng "Sayaw".
- Gaite, Corazon. May 62 taong gulang, nainterbyu noong Mayo, 1994.

Navidad, Cresencia B. May 90 taong gulang (namayapa noong 1990), maraming beses na nainterbyu. Isang taal/tubong Iliganon at naging mananayaw ng "Sayaw".

Pamuntungan, Dolores T. May 56 taong gulang, nainterbyu noong Mayo 18, 1994.

Seraspe, Lydia M. May 60 taong gulang, nainterbyu noong 1992, 1993 at 1994 sa Tambacan, Lungsod ng Iligan. Naging Kapitana ng Diyandi mula pa sa panahon ni Mace Madrazo hanggang sa kasalukuyan.

